Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-5 NG DISYEMBRE, 2001 ARAW NG MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS .............. PANG. PUNONGBAYAN
Kgg. Florencio C. Odejar Tagapangulo
Kgg. Louie C. de Leon ................ Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ................ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ................ Kagawad
Kgg. Eugenio A. Javier ................ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez ................ Kagawad
Kgg. Purita P. Sarmiento ................ Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ................ Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor ................ Kagawad

Di-dumalo: ................ Kagawad

Kgg. Roselon F. Pamatmat ................ Kagawad

### KAPASIYAHAN BLG. 271 – T'2001

***KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET NG PAMAHALANG BAYAN SA TAONG 2002 NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN LABING WALONG MILYON PITONG DAAN WALUMPU'T SIYAM NA LIBO PITONG DAAN LABING SIYAM NA PISO AT SIYAM NA SENTIMOS (P118,789,719.09).***

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng Kgg. Sangguniang Bayan ang binalangkas na Taunang Badyet sa Taong 2002 na naglalaan ng panustos sa mga gugulin at mga pananagutan ng Pamahalaang Lokal at ng mga kagawaran at sangay nito sa pakikiisa ng Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Pinuno sa Badyet;

**SAPAGKAT**, ang balangkas ng Taunang Badyet ay isinumite sa Lupon sa Pananalapi at Gugulin ng Kgg. Sangguniang Bayan upang mapag-ukulan ng pag-aaral, pagbabalik-aral at pagsusuri tungo sa pagpapasiya at pagpapatibay ng Kgg. Sangguniang Bayan.

**SAPAGKAT**, pinag-ukulan ng pagpapahalaga at isinaalang-alang ang pagpapaprayoridad sa mga palatuntunang nauukol sa panlipunan at pang-ekonomiyang pagpapaunlad proyektong inprastraktura, at pangkalahatang serbisyo-publiko upang mahusay na makatugon sa pangangailangan ng pamayanan.

**SAPAGKAT**, matapos ang isang matalino at masusing pagtatalakayan sa mga bagay na nakatakda sa Taunang Badyet at matapos na maisagawa ang mga kinauukulang pagbabago at pagwawasto sang-ayon sa pangangailangan ng bawa't tanggapan ng pamahalaan at mga gawaing pampamahalaan at batay sa mga itinatadhana ng patakaran sa paggawa ng isang Pambayang Badyet ay inirekomenda ng Lupon sa *Pananalapi ng Sangguniang Bayan na pagtibayin ang* Taunang Badyet (2002) ng Pamahalaang Bayan, na kinapapalooban ng mga gugulin at paglalaanan, ayon sa mga sumusunod:

Pinondohan ang mga laang gugulin sa "Statutory and Contractual Obligation" na pananagutan.

a. Prima Seguro sa Buhay at Pagreretiro P 4,233,590.32
b. Kontribusyon sa Pag-Ibig 394,800.00
c. Kontribusyon sa Philhealth 367,875.00
d. Segurong Pang-Estado 79,220.00

Pinondohan ang mga pangangailangan sa Taunang Badyet alinsunod sa Artikulo at "Implementing Rules & Regulations".

a. 5% pondo para sa Kalamidad /Reserba P 5,675,570.00
b. 20% Pondong Pangkaunlaran 9,200,000.00
c. Pondo para sa Kaunlaran ng Barangay 26,000.00
d. Reserba para sa Eleksyon 200,000.00

Pinondohan ang panlipunang Seguridad na karagdagang benepisyo at iba pa (Social Security, Social Services and Welfare, Life & Retirement and Terminal Leave Benefits) sa halagang Anim na Milyon Walongdaan Pitumpu't Walong Libo Isang Daan Dalawampu't Tatlong Piso at Tatlumpung Sentimos (P6,878,123.30).

Ang halagang Limampu't Limang Milyon Siyamnaraan Walumpu't Pitong Libo Tatlongdaan Walumpu't Limang Piso at Animnapu't Limang Sentimos (P55,987,385.65) para sa GSIS Premiums, Pag-Ibig Contribution, Phil Health Contribution, Employees Compensation Insurance Contribution, Christmans Bonus, Cash Gift, Clothing Allowance, P.E.R.A., A.C.A., Magna Carta Benefits at iba pang inilaan alinsunod sa mga batas na pinaiiral ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala.

Ang halagang Talumpu't Apat na Milyon Tatlong Daan Apatnapu't Dalawang Libo Pitong Daan Animnapu't Tatlong Piso at Apatnapu't Apat na Sentimos (P34,342,763.44) ay inilaan sa Mentinansiya at Iba Pang Gugulin tulad ng Traveling Expenses, Grants, Subsidies and Contributions, Loan Repayments, Water & Power Services, Office Supplies Expenses at Iba pa.

Ang halagang Labintatlong Milyon Tatlong Daan Limampu't Walong Libong Piso (P13,358,000.00) ay inilaan sa mga Pagawaing Bayan at Guguling Kapital.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., Tagapangulo sa Lupon ng Pananalapi at mga Gugulin na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Taunang Badyet ng Pamahalaang Bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa taong 2002 na nagkakahalaga ng P118,789,319.09.

**INIUUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Panlalawigang Ingat-Yaman, Panlalawigang Pinuno sa Badyet, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**KAUTUSAN BLG. 27-T'2001**

***ISANG KAUTUSANG NAGLALAAN NG HALAGANG ISANG DAAN LABING WALONG MILYON PITONG DAAN WALUMPU'T SIYAM NA LIBO PITONG DAAN LABING SIYAM NA PISO AT SIYAM NA SENTIMOS (P118,789,719.09) PARA SA MGA GASTUSIN AT IBA PANG LAYUNIN NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA MULA SA IKA-1 NG ENERO, 2002 HANGGANG SA IKA-31 NG DISYEMBRE, 2002.***

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ilaan ang halagang P118,789,719.09 para sa Pangkalahatang pondo ayon sa pagkakaroon nito o nananatiling pondong nasa kabang bayan upang matugunan ang mga gastusin at pangangailangan ng mga iba't-ibang tanggapan, sangay o departamento ng pamahalaang bayan mula sa ika-1 ng Enero, 2002 at magtatapos sa ika-31 ng Disyembre 31, 2002, ayon sa limitasyon at sa itinakdang pondo.

**SEKSYON 2** – Ilaan ang halagang P36,911,248.00 para sa pasuweldo o pasahod o kabayaran sa paglilingkod ng mga kawani ng iba't-ibang tanggapan at mga layuning pinaglaanan. Hindi pinahihintulutang bayaran ang mga walang katiyakan o di inaasahang gastusin (contingencies) o iba pang layunin nang hindi ito inilaan. Ang pondo para sa iba't-ibang gastusin (miscellaneous expenses) ay maaaring gamitin para sa episyente at maayos na pagsasagawa ng mga tungkulin ng pamahalaang bayan na itinala at inilaan ng Pambayang Pinuno sa Badyet ayon sa umiiral na panuntunan at patakaran sa pagbabadyet. Inaatasan ang Pambayang Ingat-Yaman na mabayaran ang mga gastusin ng pamahalaang bayan sa sandaling isabatas ng Sangguniang Bayan ang anumang kautusan na pinagtibay ng Punong Ehekutibo para sa kapakanan at kagalingan ng pamahalaang bayan.

**SEKSYON 3** – Ang kabuuang halagang inilaan sa mga di-katiyakang layunin (contingent purposes) ng mga tanggapan ng pamahalaang bayan ay kinakailangang may pahintulot at pagpapatibay ng Punong Ehekutibo. Gayunpaman, ang mga nakatakdang paglalaan ng bawat tanggapan ay isasagawa ayon sa mga panuntunang itinatadhana ng Travel Expense at Public Bonding Laws.

**SEKSYON 4** – Ang suweldo o pasahod ng mga opisyales at kawani ng pamahalaang bayan ay itinataas o kinukupkop base sa Klasipikasyon bilang " Special Cities" at ayon na rin sa Local Budget Memorandum # 30 na may petsa ika-1 ng Hulyo, 1998 at ayon din sa mga panuntunan ukol sa Full Implementation of the Revised Position Classification and Compensation System (PCCS) sa mga pamahalaang lokal ayon naman sa Local Budget Circular #64 na may petsa ika-22 ng Enero, 1997 at pamamahalaan ang pagpapatupad ng Salary Standardization Law ayon sa Batas Republika Blg. 6758. Inilalaan ang pondo para sa karagdagang benepisyo ng pamunuan o opisyales, kawani sa ilalim ng Batas Republika Blg. 7160 para sa pagreretiro (Terminal Leave Benefits) upang matugunan ang pangangalaga sa kanilang buhay, pagkakasakit, kapansanan, pagpapagamot at aksidente na may kabuuang halagang Dalawang Milyon, Walongdaan at Limampung Liboong Piso (P2,850,000.00).

**SEKSYON 5** – Ilipat sa Pangkalahatang pondo ang mga natira at pondong walang pinaglalaanan mula sa mga gastusin ng bawat tanggapan ng pamahalaang bayan.

**SEKSYON 6-** Pinahihintulutan ang muling pagsasaayos ng anumang aytem na may paglalaan, pagpapalit o pag-aalis ng titulo o designasyon kung kinakailangan sa pamamagitan ng pagsasabatas ng kaukulang sanggunian at pinagtibay ng Punong Ehekutibo.

**SEKSYON 7** – Ang kautusang ito ay magkakabisa sa ika-1 ng Enero, 2002.

**PINAGTITIBAY.**

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan na mapabilis ang paglilipat ng pondo mula sa 20 bahagi ng pondong pangkaunlaran (20% Development Fund) na inilaan para sa pangkalahatang pondo sa kasalukuyan upang makapagsagawa ng mga proyektong pangkabuhayan kung kinakailangan.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan na katawanin ang pamahalaang bayan sa mga iba't-ibang transaksyon o bilihan, at lumagda sa lahat ng mga pananagutan (bonds), kontrata at obligasyon at iba pang dokumento para sa kabatiran ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**PINAGPASIYAHAN PA RIN:** Na bigyan ng kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan na makapaglipat ng tamang pondo para sa Taong 2002 sa panahon ng kalamidad, maisaayos o mabago ito upang mabigyang-solusyon ang mga iba't-ibang proyektong pangkaunlaran at iba pang gastusin kung kinakailangan base sa Atas-Pampangasiwaan Blg. 47-T'1993.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Panlalawigang Ingat-Yaman, Panlalawigang Pinuno sa Badyet, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.** Ika-5 ng Disyembre, 2001

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. BERNARDO E. ISON**
Kagawad

**KGG. EDGARDO T. PORCA**
Kagawad

**KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.**
Kagawad

**KGG. RICARDO B. RAMIREZ**
Kagawad

**KGG. PURITA P. SARMIENTO**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. JEFFREY A. VILLASEÑOR**
Kagawad

**NAGPATUTOO:**

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Pang Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan